# *Pagninilay sa Akalt ng Ruth Yugto 13*

Tayo’y magpapatuloy sa mensaheng ito sa ating nasimulan sa pagninilay mula aklat ng Ruth.

***“1 Si Booz nga'y sumampa sa pintuang-bayan, at naupo siya roon: at, narito, ang malapit na kamaganak na sinalita ni Booz ay nagdaan; sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan! lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo.” (Ruth 4:1)*** Narito si Booz ay pumuntas sa pintuang-bayan at umupo doon, Para bang siya, ay naghihintay sa kamaganak na pumunta doon. Na parang ang kamaganak ay pupunta sa mahalagang dakong iyon, at isang punto para sa lahat ng mga marangal na tao ng lungsod na pumunta sa pintuang-bayan. Ang katuad sa ngayon sa simbahan ng Bagong Tipan, ang bayan ng Dios ay dadaaan sa simbahan ng Dios at inaasahan na sila ay makikibahagi sa gawain ng simbahan.

***“sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan! Oy, kuwan! lumiko ka at umupo ka rito.”*** Dito tinawag ni Booz ang lalaki at hindi binanggit ang kanyang pangalan, nguinit tinawag siyang, ***“Oy”***, na para bang iniiwasang banggitin ang kanyang pangalan, upang maiwasang mapahiya siya lalo na maaring hindi niya handang tanggapin ang unawaan na ipapanukala ni Booz sa kanya na gawin ang kanyang tungkulin kina Noemi at Ruth at iyon ay isang kahihiyan para sa kanya. Tinawag niya siyang ***Oy, kuwan!*** Upang kunin ang kanyang atensyon at kung gayon sinabi sa kanya ***“lumiko ka”*** hiniling sa kanya na lumiko sa kanyang diresyon ***“at umupo ka rito.”*** Kaya binigyan niya siya ng isang ideya na may isang bagay na ipapaalam upang pag-usapan.

Sa ***Ruth 3:13*** sinabi ni Booz kay Ruth, ***‘‘Maghintay ka ngayong gabi, at mangyayari sa kinaumagahan, na kung kaniyang tutuparin sa iyo ang bahagi ng pagkakamaganak, ay mabuti; gawin niya ang bahagi ng pagkakamaganak: nguni't kundi niya gagawin ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, ay gagawin ko nga ang bahagi ng pagkakamaganak sa iyo, kung paano ang Panginoon ay nabubuhay: mahiga ka nga hanggang kinaumagahan.” (Ruth 3:13 KJV)*** Iniisip ng ilan, na ang salitang **‘Tob’**, ang saling salita ng **‘mabuti’** sa talata, ay ang pangalan ng kamaganak. Iminungkahi nila na ang kanyang pangalan ay alinman na Tob o Tobia. Ang ilan ay iminugkahi na si Salmon (na ama ni Booz), at Elimelech (ang ama ni Mahlon, asawa ni Ruth) at si Tob o Tobia (ito ay malapit na kamaganak), na kapatid.

***“At lumiko ka at umupo ka rito.”*** Ang lalaki ay sumunod at pumunta at naupo, pinagtatanto doon na may isang bagay na magaganap.

***“2 At siya'y kumuha ng sangpung lalake sa mga matanda sa bayan, at sinabi, Maupo kayo rito. At sila'y naupo.” (Ruth 4:2)*** Ngayon si Booz ay kumuha ng sangpung matatandang lalaki mula sa bayan, sila’y magiging saksi sa kung anong magaganap at upang pagpasyahan ang tamang pasya at kung ano ang kinakailangan na maganap. Isinaayos ni Booz ang pulong, dinala ang tamang mga tao na dapat masangkot sa pamamaraan ng paggawa ng kapasyahan. Ang bilang ng sampu ay kinakailangan upang sumaksi sa gayong isang mahalagang pangyayari upang ipagbili ang lupain at ipahayag ang pag-aasawa. Ang sampung tao, maaring sila’y mga pinuno ng libo-libo, liman daan, daan-daan, limampu o sampu.

***“3 At sinabi niya sa malapit na kamaganak, Ipinagbibili ni Noemi, na bumalik na galing sa lupain ng Moab, ang bahagi ng lupa, na naging sa ating kapatid na kay Elimelech:” (Ruth 4:3 KJV)*** Narito ipinahayag ni Booz sa kamaganak na si Noemi ang balo ng kanilang kapatid na si Elimelech na galing sa Moab ay ipinagbibili ang lupain ni Elimelech. Sa ganitong impormasyon na ipinahayag ni Booz nangangahulugang ito na siya ang naunang tinanong ng pamilya ni Elimelech upang bilhin ang lupain.

***“4 At aking inisip na ipahayag sa iyo, na sabihin, Bilhin mo sa harap nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; nguni't kung hindi mo tutubusin ay saysayin mo nga, upang matalastas ko: sapagka't wala nang tutubos na iba pa liban sa iyo: at ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niya, Aking tutubusin.” (Ruth4:4 KJV)*** Dito ipinahayag ni Booz sa malapit na kamaganak na manunubos ang tungkol sa lupain. Sinabi niya sa kanya, ***At aking inisip na ipahayag sa iyo,”*** ipinahayag niya sa kanya kung ano ang kanyang iniisip. Ito ay kabanalan at kalinisan upang ipahayag ang iyong iniisip sa mga taong nakakasama mo at sa mga pinakikitunguhan mo. Walang itinago si Booz sa lalaking iyon. Si Booz ay isang taong nagtitiwala sa Dios at lubos na umaasa sa Panginoon at sa Kanyang pamumuno, Diretso niyang sinabi sa kanya, ‘‘***na sabihin, Bilhin mo sa harap nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; nguni't kung hindi mo tutubusin ay saysayin mo nga, upang matalastas ko: sapagka't wala nang tutubos na iba pa liban sa iyo: at ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niya, Aking tutubusin.”*** Nang narinig ng lalaki si Booz at ang magandang alok na inaalok niya sa kanya siya ay sumang-ayon na tubusin ito, Siya ay masaya na ang isang piraso ng lupain ay maidadagdag sa kanyang pag-aari. Si Booz ay napaka dalisay at ibinigay sa kanya ang karapatan upang tubusin dahil siya ay mas matanda sa kanya at ayaw kunin ni Booz ang pagkakataon ng iba upang tanggapin ang isang pagpapala. Ginawa iyon ni

Booz sa harap ng mga naninirahan sa lupain at sa harap ng mga matatanda ng bayan. Tila sa sinabi ni Booz ay malinaw ang lahat at ang mga matatanda ng bayan ay humarap sa mga isyu doon nang buong kabukasan.

Ang kamaganak ay masaya upang bilhin dahil siya ay may salapi at dahil ang dukhang si Noemi ay ipinagbibili ang lupain, siya ay higit na masaya upang bilhin ito at sa ganoong paraan tinutulungan niya siya gaya ng mababasa natin, ***"Kung ang iyong kapatid ay maghirap, at ipagbili ang anoman sa kaniyang pag-aari, ay paroroon ang kaniyang kamaganak na pinakamalapit sa kaniya, at tutubusin ang ipinagbili ng kaniyang kapatid." (Levitico 25:25 KJV)*** Dapat tayong maging masaya na tumulong kapag tayo ay mayroon; mas higit na tumulong ngayon yaong kabilang sa pamilya ng mananampalataya.

Gayundin, maaring siya ay masaya na bilhin ito inaasahan dahil ipinagbibili ito ni Noemi, at bilang isang balo, ipinagbibili niya ito mula sa kanyang pangangailangan, kaya inaasahan niyang makuha ito sa mas murang halaga kaysa karaniwan; kaya tila isa pang dahilan kung bakit siya kaagad pumayag na bilhin ito.

***"5 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz, Anomang araw na iyong bilhin ang parang sa kamay ni Noemi, ay marapat na iyong bilhin din ang kay Ruth na Moabita, na asawa ng namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana." (Ruth 4:5)*** Ngayon narito si Booz, pagkatapos sumang-ayon ng kamaganak na manunubos upang tubusin, idinagdag na sinabi niya na kinakailangan din niyang bilhin ang lupain mula ***"kay Ruth na Moabita, na asawa ng namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana."*** Dito ipinaalam sa kanya, na hindi lamang kinakailangang bilhin ang lupain kundi pati na rin bilhin ito ang kay Ruth ang balo, upang ang pangalan ng namatay ay ibangon ang pangalan ng namatay na kanyang mana. Hiniling niya sa kanya na pakasalan si Ruth upang ang panganay ay tawagin sa pangalan ng namatay upang ang pangalan ng namatay ay hindi maglaho. Ito ay dapat maganap batay sa Kasulatang ito gaya ng mababasa natin dito, ***"5 Kung ang magkapatid ay tumahang magkasama, at isa sa kanila'y mamatay, at walang anak, ang asawa ng patay ay huwag magaasawa ng iba sa labas: ang kapatid ng kaniyang asawa ay sisiping sa kaniya, at kukunin siya niyang asawa, at tutuparin sa kaniya ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa. 6 At mangyayari, na ang panganay na kaniyang ipanganganak ay hahalili sa pangalan ng kaniyang kapatid na namatay, upang ang kaniyang pangalan ay huwag mapawi sa Israel. 7 At kung ayaw kunin ng lalake ang asawa ng kaniyang kapatid, ay sasampa nga ang asawa ng kaniyang kapatid sa pintuang-bayan sa mga matanda, at sasabihin, Ang kapatid ng aking asawa ay tumatangging itindig ang pangalan ng kaniyang kapatid sa Israel; ayaw niyang tuparin sa akin ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa. 8 Kung magkagayo'y tatawagin siya ng mga matanda sa kaniyang bayan at pangungusapan siya: at kung siya'y tumayo at sabihin niya, Ayaw kong kunin siya; 9 Ang asawa nga ng kapatid ay paroroon sa kaniya sa harap ng mga matanda at huhubarin ang panyapak niya sa kaniyang mga paa, at luluran siya sa mukha; at siya'y sasagot at sasabihin, Ganyan ang gagawin sa lalake, na ayaw magtayo ng sangbahayan ng kaniyang kapatid. 10 At ang kaniyang pangala'y tatawagin sa Israel, Ang bahay ng hinubaran ng panyapak." (Deutronomio 25:5-10 KJV)*** Ang asawa ni Mahlon, na patay na, ang panganay na anak ni Noemi, at kaya ang kanyang balo, si Ruth ang Moabita, ay may mga karapatan sa ari-arian; kaya nga ang pagbili ay dapat gawin sa kanya gayundin kay Noemi, at ang pagbili ay hindi mabibili sa kanya nang hindi siya pinakasalan; na, bagama't walang batas na sapilitan, gayunpaman ay tila isang kondisyon na pagbili na sinabi ni Noemi, na hindi niya ito ipagbibili sa sinumang tao maliban kung sasang-ayon itong pakasalan si Ruth. Nag-aalala si Noemi para kay Ruth dahil naging masunurin si Ruth kay Noemi at naging dahilan ito ng pagibig ni Noemi kay Ruth. Tingnan dito kung paano ginantimpalaan ng Dios ang matatapat, at ngayon si Noemi ay nakikipagbaka para sa kanyang manugang upang ilagay siya sa isang pamilya bagama't sa pasimula ipinangako niya na hindi niya gagawin iyon.

Kaya naman nang tinawag ni Booz ang lalaki, hindi nya binanggit ang kanyang pangalan, dahil ayaw niya itong ilagay sa sulok at mapahiya siya, Hindi niya nais na maging masama ang kanyang pangalan kung hindi siya sasang-ayon na gawin ang bahagi ng kamaganak na manunubos. Kaya naman inalok siya ni Booz ng tulong, na kung ayaw niyang tubusin ay maari niya itong tubusin sa halip na siya. Tingnan kung paanong ginawa ni Booz ang mga bagay sa maayos na paraan at sa mabuting espiritu. Kailangan nating gawin ang mga bagay sa maayos na paraan at sa mabuting espiritu sa mga taong nakapalibot sa atin na tinawag tayo ng Dios upang makipag-ugnayan.

Gayundin sa sinabi ni Booz, ***"5 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz, Anomang araw na iyong bilhin ang parang sa kamay ni Noemi, ay marapat na iyong bilhin din ang kay Ruth na Moabita, na asawa ng namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana." (Ruth 4:5)*** Tila ang kamaganak na manunubos na ito ay hindi ganoong nakatuon sa balita sa palibot niya at kung ano ang nangyayari. Hindi niya batid na dumating si Noemi kasama si Ruth na Moabita, ang balo, at tila hindi niya batid ang kanilang salaysay.

O maaaring hindi talaga siya tinawag ng Dios para gawin iyon. * Ang matututuhan natin sa mga pangyayari ay kailangan nating magtiwala sa Dios sa ating buhay habang namumuhay tayo ng tapat na paraan at nagnanais na parangalan ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban. Kailangan nating magtiwala sa Kanya, na hindi Niya tayo iiwan, ni pababayaan man at ni hindi Niya tayo hahayaang ilagay sa isang nakakahiyang kalagayan na higit pa

sa ating kayang tiisin o inaasahan mula sa atin. * Ipamuhay natin ang ating buhay na nagtitiwala sa Kanya na Siya ay makakasama natin sa ating buhay upang gawin ang mga bagay na kailangan at maging banayad at maalalahanin at mabuting asal sa pagharap sa mga isyu ng buhay gaya ng pakikitungo ni Booz dito sa kamaganak.

***"6 At sinabi ng malapit na kamaganak, Hindi ko matutubos sa ganang akin, baka masira ang aking sariling mana: iyo na ang aking matuwid ng pagtubos; sapagka't hindi ko matutubos." (Ruth 4:6)*** Ang lalaki dito ay umatras mula sa kanyang kagustuhang bilhin at tubusin ang lupain, at ipinahayag nang malinaw na hindi niya matutubos, dahil hindi niya kayang pakasalan ang balo, sapagkat siya ay may-asawa na at nanangangani b ang kanyang ari-arian, ang kanyang pamilya, at ang kanyang bagong pag-aasawa na madagdag pa ng pasanin sa kanya at sa kanyang pinansyal na pangangailangan kung papakasalan niya ang balo. Hiniling niya kay Booz na sumulong at tubusin ito para sa kanyang sarili at idagdag ang lupain sa kanyang lupain at pakasalan si Ruth na balo dahil walang asawa si Booz at wala siyang pamilya. Ang maramihang pag-aasawa ay hindi lamang pangangalunya kundi ito ay isang pananalaping pasanin sa lalaki at sa mga anak. Sa mga may dalawang pamilya sila'y nasa pangangalunya at kanilang inaagawan ang unang pamilya at ang mga bata sa pagtanggap ng kanilang karapatan.

***"7 Ito nga ang kaugalian ng unang panahon sa Israel tungkol sa pagtubos at tungkol sa pagpapalit, upang patotohanan ang lahat ng mga bagay; hinuhubad ng isa ang kaniyang pangyapak, at ibinibigay sa kaniyang kapuwa: at ito ang paraan ng pagpapapatotoo sa Israel." (Ruth 4:7 KJV)*** Ngayon narito ang isang pamamaraan na napagkasunduan upang mawakasan ang usapin ng pagtubos. Dito ay hindi malinaw kung sino ang naghubad ng kanyang panyapak at ibinigay ito sa kanyang kapitbahay, si Booz o Tobia, bilang isang patotoo sa Israel na ginawa ang kanyang pakikipagharap. Ang pamamaraang ito ay magtatapos sa usapin sa harap ng mga saksi.

***"8 Sa gayo'y sinabi ng malapit na kamaganak kay Booz, Bilhin mo sa ganang iyo. At hinubad niya ang kaniyang pangyapak." (Ruth 4:8 KJV)*** Muli tiniyak dito para sa pangalawang pagkakataon, na ang kamag-anak na manunubos ay binigyan ng pahintulot si Booz upang bilhin ang lupain para sa kanyang sarili, ngunit walang katunayan sa Kasulatan na si Ruth ay pumunta at hinubad ang kanyang panyapal mula sa kanyang paa, at dinuraan ang kanyang mukha. Maaring ito'y hindi nangyari dito at may pagsaalang-alang dahil may kasunduan sa pagitan ni Booz at ng kamaganak, gayundin ang kamaganak ay may-asawa at ito ay hindi maka-Dios na bagay upang mag-asawa sa ibang babae at ilagay ang kanyang sarili sa kaguluhan, gayundin batid natin na ang pangalawang pag-aasawa ay pangangalunya at hindi kalooban ng Dios.

***"9 At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan, Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa kamay ni Noemi." (Ruth 4:9 KJV)*** Dito ngayon pagkatapos umatras ng kamaganak at binigyang daan si Booz upang pumarooon at tubusin, ipinahayag ni Booz una sa matatanda, na binili niya mula sa kamay ni Noemi ang lahat ng para kay Elimelech, at ang mga bagay na nabibilang sa kanyang dalawang anak na si Chelion at Mahlon. Dito matutunan natin mula kay Booz na huwag sumulong at kunin ang mga bagay kung ang mga bagay ay hindi pa malinaw. Dito si Booz ay mahinahong naghintay at mapamaraang kumilos hanggang ang kamaganak ay nakumbinsi na hindi niya bibilhin at tutubusin, at sa kanyang sarili ay ibinigay ang daan para kay Booz upang sumulong at gawin ito.

***"10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito." (Ruth 4:10 KJV)*** Dito rin ipinahayag ni Booz na binili niya na si Ruth, ang balo ni Mahlon upang maging kanyang asawa upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kanyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay hindi mawala sa angkan ng pamilya. Dito sa pinag-sang-ayunan binanggit dito na ang kanyang pagtubos sa lupain at sa pag-aasawang ito ay upang panatilihin ang pangalan ng namatay, na si Elimelech, Mahlon, Chelion, at gaya ng sumusunod: Nang si Ruth ay pumasok at lumabas sa ari-arian o mana, sasabihin nila, ito ang balo ni Mahlon, ang kapatid ni Chelion, ang mga anak ni Elimelech, at kaya sa pamamagitan ng kanyang pangalan ay babanggitin ang mga sumusunod: ***"upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: "*** Kaya't ang kanilang pangalan ay hindi makakalimutan sa bayan at sa looban ng Betlehem, at patuloy na aalalahanin.

***"Bukod dito'y si Ruth na Moabita,"*** Si Ruth sa pagiging Moabita ay hindi pinahihitulutang makapasok sa pamayanan ng Dios gaya ng mababasa natin dito: ***"Huwag papasok ang isang Ammonita o Moabita sa kapulungan ng Panginoon; hanggang sa ikasangpung salin ng lahi ay walang nauukol sa kanila na makapapasok magpakailan man sa kapisanan ng Panginoon:" (Deutronomio 23:3 KJV)*** Ngunit si Ruth ay taong nagbago ang paniniwala at nagpabagong loob upang sumunod sa Dios kaya naman siya ay katangap-tanggal sa pag-aasawa.

***"Kayo'y mga saksi sa araw na ito."*** Narito ngayon dumating ang mga tungkulin ng matatanda na tinipon ni Booz upang saksihan hindi lamang ang tungkol sa pagbili ng lupain kundi gayundin sa pag-aasawa. Pati na rin ang mga taong naroon ay nasaksihan ang nangyari sa pagbebenta ng lupain at pagtatapos ng pag-aasawa.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating isagawa ang ating natutunan sa mensahe, at maingat na isalapat sa ating buhay. Maging dalisay ang puso at malinis ang ating motibo sa lahat ng ating pag-uugali at ginagawa, at gawin ang mga bagay sa ayos. Ating isaalang-alang ang mga tao at maamong pakitunguhan sila sa paraan ng pakikipag-usap sa kanila. Maging malinaw tayo sa simbahan at maging handa na bukasan ang mahahalagang bagay upang mapag-usapan nila tayo at tiyakin sa atin kung ano ang kailangan nating gawin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita at sa lahat na aking natutunan sa mensaheng ito.*

*HIlinggin sa Dios ang kapatawaran sa pagiging hindi pagsasaalang-alang sa iba, padalus-dalos, pagiging hindi maparaan sa iyong pakikitungo, pagsasamantala sa mga tao, hindi tapat, at sa hindi pagtitiwala sa Dios nang buo sa iyong buhay. Panginoon patawarin mo ako at nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan_____________________________________.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe. Panginoon gabayan mo sila at pangunahan sila sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila upang kamitin ang iyong layunin sa kanilang buhay. Panginoon hayaang matupad ang layunin ng pagpapadala ng mensaheng ito sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipatupad ang iyong Salita at ang katuruan na aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon patnubayan kaming magturo, magpayo, gumabay at magpayo sa iyong bayan kasama ng iyong Salita upang gawin ang iyong mabubuting plano para sa kanila, na ang iyong kalooban ang matupad. Panginoon tulungan kaming magevangelio at gumawa ng mga alagad. Panginoon pusposin kaming muli ng Banal na Espirtu at tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.